

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)

Pagsasara ng Mga Klase at ng Kampus

● **Kakanselahin ba ang Pagtatapos sa Tagsibol?**

- Para maprotektahan ang kalusugan ng ating mga magtatapos, ang kanilang mga pamilya at kaibigan, at mga guro at kawani ng unibersidad, [ipinagpapaliban ng SJSU ang mga seremonya ng Pagtatapos sa tagsibol na nakaiskedyul sa Mayo 20-22](#). Sinuri ng sistema ng CSU ang gabay mula sa CDC, mga dalubhasa sa pampublikong kalusugan, at mga opisyal ng estado sa paggawa nitong mahirap na desisyon para sa buong sistema. Pinalawig ang pagpapaliban sa lahat ng kolehiyo, departamento at mga selebrasyon ng pangkat ng estudyante. Naglagay ang SJSU ng mataas na priyoridad sa pagbibigay sa bawat magtatapos sa Estado ng San Jose ng oportunidad na makilala para sa kanilang mga nakamit at gagawin ito para sa Klase ng 2020. Sa naaangkop na panahon, iaanunso ang mga pag-aayos na ito sa pamamagitan ng website ng pagtatapos at sa buong komunidad ng kampus.

● **Mananatili bang bukas ang kampus?**

- Mananatiling bukas ang SJSU, kahit na hindi kailangan—at hindi dapat—pumunta sa kampus ang karamihan ng mga estudyante, kawani, at guro. Sinusunod nito ang mandatong manatili sa ligtas na lugar na inilabas ng anim na county ng Bay Area noong Marso 16. Bagama't ang kautusang manatili sa ligtas na lugar ay nananawagan sa mga residente ng county na manatili sa loob ng kanilang mga bahay at lumayo sa ibang tao para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, ang mga estudyante ay pinapayagang maglakbay para sa mga layunin ng malayuang pag-aaral. Bukod dito, ang mga guro at kawani ng SJSU ay pinapayagang pumunta sa kampus para maghatid at/o suportahan ang online at malayuang pagtuturo basta't mapapanatili ang pagdistansya sa ibang tao. Ang tugon ng SJSU sa utos, kabilang ang mga bahagyang pagbubukod ng unibersidad, ay inilalarawan sa isang [mensahe mula kay Presidente Papazian](#). Makipag-ugnayan kaagad sa inyong superbisor at/o sa sumusunod na mga tanggapan kung kailangan ninyo ng mga tulong, bakasyon para sa may sakit/medikal o iba pang bakasyon, o kung gusto ninyong talakayin ang ibang mga opsyon o alalahanin: Ang mga guro at kawani may mga lagnat o impeksyon sa baga ay dapat manatili sa bahay. Titiyakin naming mailalapat ang oras ng pagkakasakit para hindi kayo mawalan ng bayad o mga naaangkop na benepisyo at makikipagtulungan sa inyo kung naubos na ninyo ang inyong balanse sa oras ng pagkakasakit.

● **Ano ang mangyayari kung magsasara ang SJSU?**

- Aabisuhan ng Presidente ang kampus sa pamamagitan ng email. Iaanunso rin ang impormasyon sa pamamagitan ng Twitter at ng Newsroom ng SJSU. Sa kaganapang kailangan nating isara ang kampus, “ang mahahalagang tauhan” ay maghahatid pa rin ng mga serbisyo sa loob ng kampus na direktang nauugnay sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng unibersidad, titiyaking nagpapatuloy ang mga pangunahing operasyon, at papanatilihin at poprotektahan ang mga ari-arian ng unibersidad. Kapag naaangkop at maaari, posibleng isagawa mula sa malayo ang mga responsibilidad na ito. Ipapamigay ang gabay para sa mahahalagang tauhan sa linggong ito.

Para sa Mga Guro at Kawani

● **Paano kung wala akong access sa internet sa bahay?**

- Mayroong magagamit na espasyo para sa pag-aaral at access sa mga computer sa [Diaz Compean Student Union](#).
- Nag-aalok ang ilang provider ng internet ng libre o murang internet at nagbubukas ng mga hotspot sa publiko nang walang bayad. May mga mailalapat na tuntunin at kondisyon.
Alamin ang higit pa sa:
[Internet Essentials | Staying Connected During Coronavirus](#)
[AT&T | Low-Cost Home Internet](#)
[Xfinity® WiFi by Comcast | Wireless Internet on the Go](#)

● **Ano ang dapat kong gawin kaugnay sa pag-renew sa SmartPass?**

- Ang deadline ng pag-renew ng inyong SmartPass ay sa Abril 30.
Para ma-renew ang inyong SmartPass, bisitahin ang counter ng cashier sa [A.S. General Services](#). Ipakita ang inyong pass at Tower Card sa kawani at bayaran ang \$25 na bayad sa pag-renew ng empleyado. **Hindi available ang online na pag-renew.**
Ide-deactivate ang Mga SmartPass Clipper na hindi na-renew pagsapit ng deadline.
Para i-reactivate ang inyong card, kakailanganin ninyong bayaran ang \$25 na bayad sa pag-renew at ang **\$10 na bayad sa pagkahuli**. Maaaring umabot nang hanggang limang araw ng negosyo ang pag-reactivate sa card. Ang mga dagdag na pondo o pass sa Clipper ay mananatiling nakapirmi.
Kapag nasa bakasyon kayo o nagpapalano kayong magbakasyon ng isang semester, maaari ninyong i-renew ang inyong SmartPass pagbalik ninyo sa halagang \$25.
Gayunpaman, ang pag-renew ay aabutin nang hanggang limang araw ng negosyo para maproseso. Kung gusto ninyong agad na ma-activate ang SmartPass pagkabalik ninyo, maaari kayong bumili ng bagong card para sa kabuuang \$28 (\$3 para sa bagong card at 25\$ para sa pag-renew).

● **Dapat bang mag-self isolate ang mga empleyadong nagpapakita ng anumang senyales ng sakit (hal., sipon, masakit na lalamunan)?**

- Kung masama ang pakiramdam ninyo at/o nagpapakita ng mga senyales ng karamdaman, hindi na kayo dapat pumasok sa trabaho. Maaari ninyong bawasan ang inyong available na naipong oras ng pagkakasakit sa sitwasyong ito. Kung ayos naman ang pakiramdam ninyo at puwedeng i-telecommute ang trabaho ninyo, gumawa ang Tauhan ng Unibersidad ng [form ng pansamantalang pag-telecommute \(temporary telecommuting form\) \[pdf\]](#) o [DocuSign](#). Sa paggamit sa form na ito, pakitandaang dapat ninyong kausapin ang inyong tagapamahala tungkol sa pagtatrabaho mula sa bahay hanggang sa wala na kayong sintomas.

● **Nag-aalala ako tungkol sa pagkakalantad sa COVID-19 sa trabaho. Maaabisuhan ba ang mga empleyado sa aking departamento kung nag-self isolate ang isang katrabaho?**

- Dahil sa mga pagsasaalang-alang sa pagkapribado, hindi ibabahagi ang impormasyong ito maliban sa sitwasyon na pinaniniwalaang kailangan ding mag-self isolate ng ibang empleyado.

● **Paano kung bahagi ako ng populasyong itinuturing na pinakananganganib?**

- Alinsunod sa direktiba ni Gobernador Gavin Newsom sa katapusan ng linggo na nananawagan para sa pag-self isolate ng sinumang 65 taong gulang o mas matanda at iyong may mga hindi gumagaling na kondisyon at sa mandato ng Tanggapan ng Chancellor ng California State University (CSU) na sumusuporta sa direktiba ng gobernador, **ang sinumang 65 taong gulang o mas matanda at/o may mga hindi**

gumagaling na kondisyon ay hindi na dapat pumunta sa kampus o saanman sa mga off-site na lokasyon ng SJSU. Bukod dito, isinasaalang-alang ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California ang mga may mahinang resistensya na nanganganib sa Novel Coronavirus (COVID-19), at hinihiling din sa kanilang huwag nang pumunta sa kampus o saanmang off-site na lokasyon.

Mananatiling bukas ang SJSU, kahit na hindi kailangan—at hindi dapat—pumunta sa kampus ang karamihan ng mga estudyante, kawani, at guro. Maaaring ipagpatuloy ng mga estudyante ang kanilang gawain sa kurso nang online. Hinihiling sa mga kawani at guro na ipagpatuloy ang kanilang propesyunal na gawain sa pamamagitan ng pag-telecommute, kung naaangkop. Ang ilang mahahalagang tauhan ay patuloy na magbibigay ng mga kritikal na serbisyo sa kampus. Makikipag-ugnayan ang Mga Tauhan ng Unibersidad sa lahat ng mahahalagang tauhan sa lalong madaling panahon. Sumangguni sa [mensahe ni Presidente Papazian](#) na ipinadala sa kampus noong Marso 15.

Pakitandaang ipinahiwatig ng Tanggapan ng Chancellor ng CSU na maaaring may mga pagbabago mula sa Tanggapan ng Gobernador bilang pag-angkop sa direktiba.

Kung isa kayong miyembro ng kawani o guro at kayo ay 65 taong gulang o mas matanda, makikipag-ugnayan sa inyo ang inyong superbisor/naaangkop na administrador para talakayin ang inyong mga opsyon sa trabaho.

Kung mayroon kayong hindi gumagaling na kondisyon sa kalusugan o mahina ang inyong resistensya, o isang tagapag-alaga ng sinumang 65 taong gulang o mas matanda at/o mayroong hindi gumagaling na kondisyon sa kalusugan o mahina ang resistensya, makikipag-ugnayan sa inyong superbisor/naaangkop na administrador o Tauhan ng Unibersidad sa lalong madaling panahon para talakayin ang pag-telecommute o iba pang pagsasaayos kaugnay sa trabaho.

● **Dapat bang payagan ng mga tagapamahala ang kanilang mga empleyado na magtrabaho mula sa malayo/o sa pamamagitan ng pag-telecommute?**

- Sa mga sitwasyon kung saan ang trabaho ay maaaring pansamantalang gawin sa alternatibong lokasyon mula sa kampus, hinihikayat namin ang mga tagapamahala na makipagtulungan sa mga empleyado para matukoy ang mga sitwasyong iyon, at isaalang-alang ang pag-telecommute sa panahong ito na walang katiyakan. Ang pangunahing isasaalang-alang ng mga tagapamahala ay kung akma ba o hindi ang pag-telecommute sa mga responsibilidad sa trabaho ng empleyado. Para mapangasiwaan ang pansamantalang pag-telecommute bilang tugon sa kasalukuyang sitwasyon ng kalusugan, bumuo ang Tauhan ng Unibersidad ng isang [form ng pansamantalang pag-telecommute \[pdf\]](#) at sa [DocuSign](#). Sa paggamit ng form na ito, pakitandaan:
 - Ang mga empleyadong kasalukuyang nagte-telecommute at gustong dagdagan ang mga araw ng kanilang pag-telecommute kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ay dapat na sagutan ang bagong form na ito na papalit sa kasalukuyang kasunduan sa pag-telecommute.
 - Walang petsa ng pagtatapos ang pansamantalang kasunduan sa pag-telecommute para maiwasan ang mga madalas na pag-renew, bagama't maaaring maglagay ng petsa ng pagtatapos, kung gusto.
 - Nananatili sa mga tagapamahala ang kakayanang tapusin ang pansamantalang kasunduan.
 - Dapat tiyakin ng mga tagapamahala na sumusunod ang mga per oras (kwalipikadong mag-overtime) na empleyado sa mga batas na nauugnay sa mga pahinga, oras ng pagkain, at overtime.

● **Paano pinapanatiling ligtas ng SJSU ang mga empleyadong hindi makakapag-telecommute?**

- Sa malawak na pagkakaiba-iba ng mga serbisyo na ibinibigay ng mga kawani sa komunidad ng kampus, kinikilala naming maraming tungkulin ang hindi maaaring gawin

mula sa bahay. Sa mga ganoong sitwasyon, hinihikayat namin ang mga empleyado na sumunod sa naunang naihayag na [gabay sa pang-iwas sa sakit na kalinisan sa katawan](#). Kapag pagsisikapang gawin ang mga hakbang na ito, epektibong paraan ang mga ito para mabawasan ang pagkalat ng sakit. Bukod dito, dapat kumonsulta ang mga empleyado sa kanilang mga tagapamahala para sa mga partikular na protokol na maaaring ipinapatupad para sa ilang partikular na trabaho.

● **Maaari bang magtrabaho mula sa bahay ang mga pansamantalang kawani?**

- Karaniwan, isang eksepsyon na maaaring mag-telecommute ang isang pansamantalang empleyado. Gayunpaman, sa ilalim ng mga kasalukuyang sitwasyon, maaaring aprubahan ang mga pansamantalang empleyado na mag-telecommute kung akma ang pag-telecommute sa mga tungkulin sa trabaho ng empleyado. Dapat gamitin ang form ng pansamantalang pag-telecommute sa paghahain ng kahilingan. Dapat tiyakin ng mga tagapamahala na sumusunod ang mga per oras (kwalipikadong mag-overtime) na empleyado sa mga batas na nauugnay sa mga pahinga, oras ng pagkain, at overtime.

● **Kung sarado ang daycare o paaralan ng aking anak, maaari ba akong magtrabaho mula sa bahay?**

- Kumonsulta sa inyong tagapamahala. Kung akma ang mga tungkulin ng inyong trabaho sa pagtatrabaho mula sa bahay, maaari kayong pahintulatang magtrabaho mula sa bahay. Dapat tiyakin ng mga tagapamahala na sumusunod ang mga per oras (kwalipikadong mag-overtime) na empleyado sa mga batas na nauugnay sa mga pahinga, oras ng pagkain, at overtime. Gayunpaman, depende sa edad ng inyong anak, maaaring hindi ninyo magagawang magtrabaho nang epektibo habang nasa bahay dahil sa mga responsibilidad ng pangangalaga. Kung ganito ang sitwasyon, maaari kayong humiling ng bakasyon o gumamit ng CTO.

● **Gumagamit ako ng pampublikong transportasyon papasok sa trabaho, ngunit hindi ako mapalagay dahil sa COVID-19. Maaari ba akong magtrabaho mula sa bahay para maiwasan ang pagbiyahe gamit ang pampublikong transportasyon?**

- Kumonsulta sa inyong tagapamahala. Sa mga sitwasyon kung saan ang trabaho ay maaaring pansamantalang gawin sa bahay o sa alternatibong lokasyon, makikipagtulungan ang mga tagapamahala sa mga empleyado para matukoy ang mga sitwasyong iyon at isaalang-alang ang pag-telecommute sa panahong ito na walang katiyakan. Ang pangunahing isasaalang-alang ng mga tagapamahala ay kung akma ba o hindi ang pag-telecommute sa mga responsibilidad sa trabaho ng empleyado.

● **Maaari bang gamitin ang medikal na bakasyon kung hiniling sa isang empleyado na mag-quarantine?**

- Makipag-ugnayan kay Josh Ethrington, Tagapamahala ng mga Programang Bakasyon, sa josh.ethrington@sjsu.edu o sa [408-924-2155](tel:408-924-2155).

● **Ano ang pinakamahasag na paraan para makausap ang Tauhan ng Unibersidad para sa mga tanong?**

- Ang pinakamabilis na paraan para makausap ang front desk ng Tauhan ng Unibersidad para sa mga tanong at impormasyon sa panahon ng utos na manatili sa ligtas na lugar ay sa pamamagitan ng university-personnel@sjsu.edu at sa pamamagitan ng pagtawag sa x4-2250, x4-2135, x4-2258.

Para sa Mga Estudyante

● **Paano kung wala akong access sa internet sa bahay?**

- Ang unang dalawang palapag ng Dr. Martin Luther King Jr. Library ay mananatiling bukas mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. para magbigay ng access sa mga computer at koneksyon sa internet.

Nag-aalok ang ilang provider ng internet ng libre o murang internet at nagbubukas ng mga hotspot sa publiko nang walang bayad. May mga mailalapat na tuntunin at kondisyon.

Alamin ang higit pa sa:

[Internet Essentials | Staying Connected During Coronavirus](#)

[AT&T | Low-Cost Home Internet](#)

[Xfinity® WiFi by Comcast | Wireless Internet on the Go](#)

- **Bukas pa rin ba ang Spartan Food Pantry?**

- Oo, mananatili itong bukas at naging isa na itong [modelong pamamahagi ng pagkain](#). Nagbabago araw-araw ang mga oras ng operasyon, kaya bisitahin ang [Instagram page ng Spartan Food Pantry](#) para alamin ang higit pa. Bilang paalala, nakalaan ang food pantry para sa mga nangangailangan.

- **Ano ang ibig sabihin ng ituturo ang aking klase mula sa malayo?**

- Maaaring ituro ang mga klase mula sa malayo sa maraming iba't ibang paraan. Halimbawa, ang ilang klase ay maaaring patuloy na magpulong sa parehong oras tulad ng ginagawa na nila ngayon ngunit gagamit ng teknolohiya (tulad ng Zoom) para maihatid ang materyal sa lecture. Tinatawag itong “synchronous na pagtuturo.” Sa ibang sitwasyon, maaaring ilipat ang klase sa paggawang nakabatay sa sariling bilis na hindi nangangailangan ng pagpupulong sa isang partikular na oras (tinatawag itong “asynchronous na pagtuturo”). Makikipag-ugnayan ang mga guro sa kanilang mga estudyante tungkol sa mga kinakailangan sa bawat indibidwal na klase. Bagama't isinaalang-alang natin sa linggong ito na ipagpatuloy ang mga kurso tulad ng mga laboratoryo, praktikum, at personal na klaseng nakabatay sa studio, napilitan tayong magbago ng direksyon dahil sa mabilis na pagtaas ng bilang ng mga kaso. Wala sa mga kursong ito ang iaalok nang personal.

- **Wala akong maaasahang mga serbisyo ng broadband/internet sa bahay, paano ko makukumpleto ang gawain ko sa kurso?**

- Mananatiling bukas ang unibersidad kahit na magaganap mula sa malayo ang mga klase. Kung may laptop kayo, maaari pa rin kayong pumunta sa kampus sa umaga at magtrabaho mula sa Student Union
- Gagawing available ng mga departamento at kolehiyong may mga espasyo ng laboratoryo ng computer ang mga laptop para magamit ng mga estudyante. Sa bawat sitwasyon, susundin natin ang mga naaangkop na gabay sa pagdistansya sa ibang tao.

- **Paano kung wala akong computer sa kasalukuyan na nakakatugon sa mga kinakailangan para sa online na edukasyon?**

- May mga computer ang MLK Library na maaaring ipahiram sa mga estudyante sa batayang unahan. Isinasaalang-alang na ng kampus na dagdagan ang stock nito ng computer. Bukod dito, pakitandaang ginagawa ng kampus ang lahat para maging available ang maraming computer hangga't maaari sa panahon ng mga kasalukuyang oras ng pagtatrabaho. Maaaring ilabas para hiram ang mga laptop at iba pang kagamitan nang personal o [online sa IMS](#) ng mga estudyante, guro at kawani. Maaari ding bisitahin ng mga estudyante ang website ng [Work Anywhere](#).

- **Kailangan ko ng tulong para malaman kung paano i-navigate ang online na pag-aaral. Anong mga sanggunian ang magagamit?**

- Ang aming mga Peer Connection ay patuloy na gumagana at nakahandang magbigay ng suporta para matulungan kayong i-navigate ang aming mga kagamitan para sa malayuang pag-aaral. Hinihikayat namin kayong makipag-ugnayan nang direkta sa inyong mga guro, katulong sa pagtuturo, o naka-embed na peer educator para sa mga tanong kung paano matagumpay na i-navigate ang mga karanasan sa online na pag-aaral sa kanilang mga klase. Bukod dito, ang [tanggapan ng eCampus](#) ay makakatulong din sa pagsagot sa mga teknikal na tanong para sa mag estudyante tungkol sa pag-navigate sa Canvas, Zoom, Google Chat, o iba pang bagong teknolohiyang nauugnay sa kanilang mga klase [408-924-2337](tel:408-924-2337).
- **Magagamit pa rin ba ang pag-tutor para sa mga kurso?**
 - • [Ang Peer Connections](#) ay patuloy na mag-aalok ng personal at virtual na pag-tutor sa kampus. (Magtanong-tanong dahil maaari itong magbago sa kalaunan.)
 - Ang Sentro ng Pagsusulat ay magkakaroon ng mga available na ganap na online na appointment sa pag-tutor simula sa Lunes, Marso 16.
 - Ililipat ng [Sentro ng Komunikasyon](#) ang lahat ng suporta nito online ngunit sa isang synchronous na format.
 - Ang MLK Library ay nagbibigay ng [personal at online na pag-tutor para sa mga partikular na kurso](#) mula 8 p.m.–12 a.m., Linggo hanggang Miyerkules.
- **Mayroon akong nakalistang kondisyon na nagpapataas sa panganib na magkaroon ako ng COVID-19—maaari ba akong manatili sa bahay kahit na patuloy na iniaalok ang mga klase nang personal?**
 - Oo, dapat ninyong malaman na ang kalusugan at kaligtasan ninyo ang aming pangunahing priyoridad. Nakahanda ang mga guro at kawani sa kampus na magsagawa ng mga tulong para sa mga estudyanteng maaaring may mas mataas na panganib. Gayunpaman, pakitandaang hindi ninyo kailangang magsiwalat ng anumang partikular na kondisyon. Hinihikayat kayong makipag-ugnayan sa [Sentro para sa Kalusugan ng Estudyante](#) bilang suporta sa anumang kahilingan para sa tulong.
- **Dapat ko bang i-drop ang lahat ng aking klase sa puntong ito?**
 - Hindi namin inirekomenda ang pag-drop ng mga kurso. Ang layunin namin ay tulungan kayong matagumpay na makumpleto ang gawain sa inyong kurso sa semestrong ito para makapagpatuloy kayo sa pag-usad tungo sa pagtatapos. Gayundin, pakitandaan na ang pag-drop ng mga klase ay may mga implikasyon sa inyong tulong pinansyal kabilang ang bahagyang muling pagbabayad at hindi pagkamit ng kasiya-siyang pag-usad sa akademya na kailangan para sa kwalipikasyon sa tulong pinansyal sa hinaharap. Dapat ninyong agad na talakayin sa inyong Tagapayo sa Akademya ang anumang potensyal na pagbabago sa inyong iskedyul. Para sa mga tanong na nauugnay sa tulong pinansyal, makipag-ugnayan sa [408-283-7500](tel:408-283-7500) o sa fao@sjsu.edu.
- **Ano ang mangyayari pagkatapos ng bakasyon sa tagsibol?**
 - Mananatiling bukas ang kampus, bagama't binago ng ilang serbisyo ang kanilang mga oras. Nailipat na online ang mga klase para sa nalalabing bahagi ng semestre ng taglagas.

Mga Kaganapan sa Kampus

- **Matutuloy ba ang mga paparating na kaganapan ayon sa plano?**
 - Kinansela na ang karamihan sa mga kaganapan sa loob ng kampus para sa buwan ng Marso. Kabilang dito ang intramural at club sports at mga pagtitipon ng club. Ang kaunting bilang ng mga kaganapan ay inililipat ang iskedyul o inilipat online. Aabisuhan

ang mga bisita kung may pagbabago sa isang kaganapan. Kinansela na ang lahat ng kaganapang pangpalakasan sa nalalabing bahagi ng tagsibol. Bukod dito, nakikipagtulungan ang SJSU sa Hammer Theater para i-live stream ang ilang kaganapan, ngunit kakanselahin ang karamihan sa iba pa. Kasalukuyang sinusuri ang mga kaganapang gagawin sa Abril at Mayo, at kapag natasa na ito, ibabahagi sa komunidad ng kampus ang impormasyon tungkol sa mga nakanselang kaganapan.

Pagsubaybay at Pangangasiwa

- **Sino ang nangangasiwa sa pagsubaybay sa patuloy na paglaganap at nangangasiwa sa pagtugon ng SJSU?**
 - Sinusubaybayan ng SJSU ang paglaganap ng COVID-19 at pinangangasiwaan ang pagtugon ng unibersidad sa pamamagitan ng Sentro ng Mga Operasyong Pang-emergency (Emergency Operations Center, EOC), na kinabibilangan ng mga pinuno sa kampus mula sa Mga Gawaing Akademiko, Departamento ng Pulisya ng Unibersidad, Mga Gawain ng Estudyante, Pagbuo at Pagpapatakbo ng Mga Pasilidad, at iba pang grupo. Regular na kumokonsulta ang EOC sa Presidente at sa kanyang kawani na siyang gagawa ng mga malawakang pagpapasya sa patakaran.

Potensyal na Paglaganap sa Kampus

- **Ano ang mangyayari kung na-diagnose na may COVID-19 ang isang estudyante, guro, o miyembro ng kawani ng SJSU?**
 - Aabisuhan ang komunidad ng kampus sa pamamagitan ng email, [Twitter](#), [Facebook](#), at sa website ng Payong Pangkalusugan tungkol sa potensyal na pagkansela ng klase o pagsasara ng kampus.
- **Ano ang mangyayari kung na-diagnose na may COVID-19 ang mga estudyante, guro, o kawaning nakatira sa mga residence hall?**
 - Makikipagtulungan muna ang EOC at Mga Serbisyo sa Pabahay ng Unibersidad sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng County ng Santa Clara tungkol sa pinakaangkop na tugon na magpoprotekta sa kaligtasan ng mga indibidwal na estudyante at ng mas malawak na komunidad ng kampus. Ang Pabahay ng Unibersidad ay kasalukuyang naghahanda para sa mga pangyayaring nangangailangan ng magkakaibang tugon at makikipag-ugnayan sa mga estudyante, pamilya, at sa komunidad ng unibersidad sakaling magkaroon ng emergency na sitwasyon.
- **Kanino ako dapat makipag-ugnayan tungkol sa mga tanong?**
 - Mga Estudyante
Ang mga estudyante ay dapat na makipag-ugnayan sa kanilang mga guro para sa mga tanong tungkol sa mga partikular na klase. Maaari ding makipag-ugnayan ang mga estudyante sa Sentro para sa Kalusugan ng Estudyante ng SJSU sa [408-924-6122](tel:408-924-6122) kaugnay sa mga tanong tungkol sa mga sintomas.
 - Mga Guro
Ang mga guro ay dapat na makipag-ugnayan sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Para sa mga tanong tungkol sa mga klase, makipag-ugnayan sa pinuno ng inyong departamento. Para sa mga tanong tungkol sa oras ng pagkakasakit at mga programa ng bakasyon, makipag-ugnayan sa Tauhan ng Unibersidad sa [408-924-2250](tel:408-924-2250).

○ Mga Kawani

Ang mga kawani ay dapat na makipag-ugnayan sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Para sa mga tanong tungkol sa pagtatrabaho mula sa malayo sa kaso ng pag-self quarantine, makipag-ugnayan sa inyong superbisor. Para sa mga tanong tungkol sa oras ng pagkakasakit at mga programa ng bakasyon, makipag-ugnayan sa Tauhan ng Unibersidad sa [408-924-2250](tel:408-924-2250).